REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-195

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA PARA SA PAGPAPATUPAD NG PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN BILANG 89-87 NA NAGTATALAGA NG BILANG SA MGA BAHAY AT GUSALI NA WALA PANG NUMERO AT PAG-AATAS NG BAGONG BILANG O NUMERO SA MGA BAHAY AT MGA GUSALI NA DATI NG MAY NUMERO SA BAYAN NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, upang madaling matunton ang isang tirahan o gusali sa nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa ay kinakailangang may angkop o kaukulang numero bukod sa pangalan ng lansangan at barangay na kinatitirikan nito;

SAPAGKAT, ang isang maayos at kaaya-ayang kapaligiran ay maisasagawa lamang kung may tamang paraan ng pagtitirikan ng mga kabahayan at gusali sa isang lugar o barangay;

SAPAGKAT, ang pagtatalaga ng numero sa mga bahay at gusali ay upang madaling matukoy ang mga may karapatan, tunay at lehitimong mga nagmamay-ari nito;

SAPAGKAT, sa pamamagitan nito ay maiiwasan ang lumulubhang suliranin ng "squatting" at ang hindi pagbabayad ng kaukulang buwis ng mga naninirahan o mga may bahay-kalakal sa Bayan ng Muntinlupa.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na naglalaan ng kaukulang pondo ang Sangguniang Bayan para sa pagpapatupad ng pinagtibay na Kapasiyahan Bilang 89-87 na nagtatalaga ng bilang sa mga bahay at gusali na wala pang numero at pag-aatas ng bagong bilang o numero sa mga bahay at mga gusali na dati ng may numero sa Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, sa kanilang pang 157 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-3 ng Hunyo, 1991 sa sala ng Pambayang Hukumang Pag-uusig.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 91-195

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts